

3 SUPORTA SA NEGOSYO

Upang mapadali ang paglalaan ng puhunang pang-negosyo sa mga tao sa maliit at katamtamang laking industriya, may sistema ng pangmatagalan at mababang interes na pagpapautang (prefecture o institusyong pinansyal ng pamahalaan).

(1) Sistema ng Pagpapautang ng Prefecture

Taong nagmamay-ari ng negosyo sa loob ng prefecture at sa patakaran nagpapatakbo ng parehong negosyo (uri ng negosyong sakop sa garantiya ng Federation of Credit Guarantee Corporations) nang 1 taon o higit pa ang maaaring gumamit ng pagpapautang. Mangyaring magtanong sa sumusunod na tanggapan para sa mga detalye dahil magkakaiba ayon sa sistema ang sakop sa pagpapautang, hangganang halaga, porsiyento ng interes at panahon ng pagpapautang.

Ang sumusunod ang pangunahing sistema ng pagpapautang.

[Sistema ng pagdeposito ng pondo ng prefecture at pagpapautang ng Hiroshima prefecture]

- ◆ Taong kailangan ng puhunan para sa karaniwang gamit Karaniwang puhunan
- ◆ Taong may-ari ng maliit na negosyo Maliit na puhunan
- ◆ Taong nagsimula ng negosyo Puhunang pansuporta sa pagsimula ng negosyo iba pa

Para sa mga katanungan

Business Innovation Division ng Commerce, Industry and Labor Bureau ng Hiroshima prefecture
☎ 082-513-3321

(2) Sistema ng Pagpapautang ng Institusyong Pinansyal ng Pamahalaan

Isinasagawa ang direktang pagpapautang sa maliit at katamtamang laking industriya upang mapunan ang pribadong maliit at katamtamang pamumuhunan.

[Japan Finance Corporation]

- ◆ Negosyo ng maliit at katamtamang laking industriya: paglalaan para sa pangmatagalang kasangkapan para gawing makabago/makatuwiran, puhunan sa nagpapatakbo
- ◆ Negosyo para sa pamumuhay ng mga mamamayan: namamahala sa pagpapautang sa maliit at mikro-negosyo

Bukod dito, nagtatag din ng sistema ng iba't ibang bukod-tanging pautang bilang pamumuhunan ayon sa pamamalakad na alinsunod sa layunin ng pamamalakad sa maliit at katamtamang laking industriya, at nagsasagawa ng pagpapautang na mas mabuti ang kondisyon kaysa sa karaniwang pagpapautang tulad ng interes at iba pa.

Mangyaring magtanong sa tanggapan ng Japan Finance Corporation para sa mga detalye.

Para sa mga katanungan

Japan Finance Corporation
《Business Fund Consultation Dial》
☎0120-154-505